

Ang Filipino sa Konteksto ng Pagpapalit-Wika: Ang mga Karanasan, Hamon at Pagtatagumpay ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino

JIJI ROSE G. MAGALSO

Master of Arts in Teaching Filipino
Rizal Memorial Colleges, Inc.
jjirose.gamutan@deped.gov.ph

Abstrak — Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin at suriin ang mga karanasan, pagninilay, at pananaw pedagogikal ng mga guro sa Filipino sa pagtuturo sa konteksto ng multilingguwalismo at pagpapalit-wika. Siyam (9) guro nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Pablo M. Piatos Sr. Integrated School, na kabilang sa Cluster 12 ng Division of Davao City ang naging kalahok sa pananaliksik. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na fenomenolohiya, na angkop sa layuning pagtuunan ng pansin ang mga personal na karanasan ng mga kalahok. Gumamit ng masinsinang panayam at isinagawa ang tematikong pagsusuri sa mga datos. Mula sa pagsusuri ay lumitaw ang apat na pangunahing tema: (1) Karanasan sa Multilingguwal na Silid-Aralan at Pagpapalit-Wika, (2) Mga Hamon at Pagtatagumpay sa Pagtuturo ng Filipino, (3) Mga Pagninilay sa Papel ng Guro sa Panahon ng Pagbabago, at (4) Mga Mungkahing Interbensyon at Programang Pampag-unlad. Ipinakita sa mga pahayag ng guro na ang pagpapalit-wika ay hindi lamang pansamantalang estratehiya kundi isang sinadyang hakbang upang maging mas inklusibo at nauugnay ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng pag-aaral na ang mga guro sa Filipino ay aktibong tagapagtaguyod ng inobasyon sa pagtuturo.

Keywords — *Multilingguwal na silid-aralan, guro sa Filipino, pagpapalit-wika, replektibong pagtuturo, fenomenolohikal na pag-aaral*

I. Introduksyon

Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas, isa sa mga kinahaharap na suliranin ng mga guro ng Filipino ay ang epekto ng pagpapalit-wika, partikular sa mga pribadong paaralan kung saan nangingibabaw ang Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Ang ganitong kalakaran ay nagreresulta hindi lamang sa pagliit ng espasyo ng wikang Filipino sa akademikong diskurso kundi pati na rin sa pagbabago sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa kahalagahan ng sariling wika at kultura.

Sa pandaigdigang konteksto, ipinapakita ng ilang pag-aaral na ang pagpapalit-wika ay may direktang epekto sa pedagogikal na identidad ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa Namibia, Estados Unidos, at Saudi Arabia, lumilitaw ang mga hamon sa pagtuturo bunga ng transisyong lingguwistiko. Sa Pilipinas naman, nakita sa mga pag-aaral na may kakulangan sa suporta at materyales para sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa mga kontekstong may mataas na presyur sa paggamit ng Ingles. Sa lungsod ng Davao, inilahad nina Fernandez at De los Reyes

(2023) na marami sa mga guro ng Filipino ang humaharap sa suliraning ito, subalit nagsasagawa rin ng mga inisyatiba gaya ng paggamit ng lokal na panitikan at wikang kontekstuwal upang mapanatili ang bisa ng Filipino bilang wikang panturo.

Bagama't may mga umiiral nang pag-aaral sa ibang bahagi ng bansa, kapansin-pansing kulang pa rin ang masusing pagsusuri sa partikular na konteksto ng mga guro sa Davao City. Kaya naman, layunin ng pananaliksik na ito na ilarawan at unawain ang mga personal na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa gitna ng pagpapalit-wika, kabilang ang kanilang mga hamon, estratehiya, at tagumpay. Sa pamamagitan ng metodolohiyang phenomenolohikal, inaasahang maitatampok ang mga salaysay ng guro na makatutulong sa paglikha ng mga patakarang mas sensitibo sa wika, kultura, at propesyunal na pangangailangan ng mga edukador sa larangan ng Filipino.

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na mailarawan at maunawaan ang mga personal na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa konteksto ng pagpapalit-wika. Gamit ang metodolohiyang phenomenological, layunin ng pag-aaral na masalamin ang kanilang mga damdamin, pananaw, at pagninilay sa pagtuturo ng Filipino, kabilang na ang mga hamon na kanilang kinakaharap, ang mga estratehiyang ginagamit upang mapanatili ang bisa ng pagtuturo, at ang mga anyo ng tagumpay na kanilang nararanasan sa gitna ng mga pagbabagong lingguwistiko.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na katanungan:
2. Ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa konteksto ng pagpapalit-wika?
3. Paano napagtatagumpayan ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa gitna ng pagpapalit-wika?
4. Anu-ano ang mga kuro-kuro at pagninilay na naibabahagi ng mga guro sa kapwa guro hinggil sa kanilang karanasan sa kontekstong ito?

Mga Kaugnay na Mahahalagang Literatura

Karanasan ng mga Guro sa Gitna ng Pagpapalit-Wika

Ipinakita sa iba't ibang pag-aaral na ang mga guro ng Filipino ay nahaharap sa patuloy na hamon ng pagbabagong lingguwistiko sa loob ng silid-aralan. Ayon kay Mangila (2020), ang pagpapalit-wika ay isang madalas na gawi ng mga gurong nagtuturo ng Ingles ngunit ito ay may implikasyon sa integridad ng paggamit ng wikang Filipino. Sa panig naman nina Bravo-Sotelo

(2020), lumabas na maging sa pagtuturo ng ibang asignatura tulad ng Matematika ay laganap ang intra-sentential code-switching, na nagpapakita ng hirap sa konsistensiya ng wikang panturo.

Samantala, natukoy nina Valerio at Sison (2022) ang teknolohikal at pedagogikal na hamon sa President Ramon Magsaysay State University sa gitna ng pandemya—kabilang na ang kakulangan sa kagamitan at kaalaman sa bagong modality. Kaugnay nito, inilahad ni Felonia (2021) ang limitasyon sa estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikan, na kinaailangang iakma sa online distance learning. Si David (2021) naman ay tumalakay sa tensyon sa identidad ng mga gurong nasa urbanong paaralan na nakararanas ng panghihina ng kumpiyansa dahil sa dominasyon ng Ingles bilang prestihiyosong wika.

Sa panig ni Aquino (2021), nakita ang kakulangan sa mga programang pangkaunlaran para sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa multilingguwal na konteksto. Kadalasan, umaasa sila sa sariling diskarteng pedagogikal. Gayunpaman, pinatotohanan ng kanyang pag-aaral na marami pa rin ang nagsusumikap na maging malikhaing tagapagturo. Ganito rin ang obserbasyon nina Santos at Del Rosario (2023) sa mga guro sa Maynila na pinapaboran ng kanilang administrasyon ang Ingles, na nagreresulta sa mababang pagtingin sa Filipino bilang asignatura.

Sa lokal na konteksto, si Balingit (2023) ay nagsagawa ng pananaliksik sa Davao na nagpapakita ng mga inisyatiba ng mga guro upang mapanatili ang makabansang diwa ng pagtuturo, tulad ng paggamit ng lokal na panitikan at integrasyong kultural. Samantala, ang pananaliksik nina Alendajao et al. (2024) ay nagtampok sa mga gurong Pilipinong nagtuturo sa ibang bansa na sa kabila ng mga hamon sa wika at kultura, ay nakabuo ng kakayahang maging flexible at mas mahusay sa pagtuturo.

Pagpapalit-Wika bilang Pedagogikal na Teknik

Sa larangan ng edukasyon, itinuturing ang pagpapalit-wika bilang isang estratehikong gawi sa pagtuturo, partikular sa mga multilingguwal na klasrum. Ayon kina Maranan, Batalla, at Santos (2025), ang situational switching ay epektibong kasangkapan upang mapadali ang pag-unawa ng mag-aaral sa aralin. Kaugnay nito, natuklasan ni Kumari (2024) na ang pagpapalit-wika ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unlad ng bokabularyo kundi pati sa metalinguistic awareness ng mga mag-aaral.

Bukod dito, inilahad nina Balam at Carroll (2024) ang konsepto ng translanguaging bilang alternatibo sa tradisyonal na pagpapalit-wika. Sa pamamagitan ng sabayang paggamit ng lahat ng wikang alam ng mag-aaral, napalalalim ang akademikong diskurso, at nalilining ang partisipasyon. Ang pananaw na ito ay tumutukoy sa pagpapalit-wika hindi lamang bilang teknik kundi bilang isang pedagogikal na ideolohiya.

Sa isang empirical na pagsusuri, ipinakita nina Ibikunle, William, at Kunle (2025) na ang pagpapalit-wika ay epektibong paraan upang linawin ang mahirap na konsepto at mapalakas ang koneksyon ng mag-aaral sa aralin. Sa ganitong paraan, ang silid-aralan ay nagiging bukás na

espasyo para sa kolaboratibong pagkatuto. Gayundin, ayon kina Yaccob at Raj (2023), ang paggamit ng unang wika sa talakayan ay nakapagdudulot ng mas mataas na antas ng kumpiyansa ng mag-aaral at aktibong pakikilahok.

Gayunpaman, binigyang-diin nina Balam at Carroll (2024) na ang pagpapalit-wika ay hindi dapat basta-basta ginagamit. Dapat itong suportado ng sapat na kasanayan at pagsasanay sa mga guro upang matiyak ang epektibong paggamit nito sa loob ng klasrum. Ang teacher training ay susi sa estratehikong paggamit ng wika bilang daluyan ng pagkatuto.

II. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng disenyo ng kwalitatibong penomenolohiya. Layunin ng disenyo na ito na tuklasin at unawain ang mga lived experiences ng mga guro ng Filipino sa gitna ng konteksto ng pagpapalit-wika. Gamit ang lapit na ito, naging posible ang masinsing pakikinig at pagsusuri sa mga salaysay ng mga guro upang maipakita ang kahulugan ng kanilang mga karanasan, damdamin, pananaw, at pagninilay ukol sa pagtuturo ng Filipino.

Mga Kalahok ng Pananaliksik

Sampung (10) guro mula sa Pablo M. Piatos Sr. Integrated School, Cluster 12 ng Division of Davao City, ang lumahok sa pananaliksik. Sila ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling, batay sa sumusunod na pamantayan: (1) aktibong nagtuturo ng asignaturang Filipino; (2) may hindi bababa sa dalawang taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa pampublikong paaralan; at (3) nakaranas ng epekto ng mga polisiya o praktis na may kinalaman sa pagpapalit-wika. Hindi isinama ang mga guro na may mas mababa sa dalawang taong karanasan at ang mga tumangging lumahok o hindi pumirma sa kasunduang pahintulot.

Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mananaliksik ng semi-istrakturadong gabay sa panayam bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Isinailalim ito sa expert validation at pilot testing upang masiguro ang kaangkupan ng mga tanong. Isinagawa ang mga panayam sa wikang Filipino upang matiyak ang komportableng pagbabahagi ng mga kalahok, at ito ay naitala at isinailalim sa transkripsyon para sa tematikong pagsusuri.

Pagkalap ng Datos

Ang pananaliksik ay isinagawa sa paraang sumusunod sa mga etikal na alituntunin. Humingi ng pormal na pahintulot ang mananaliksik mula sa Dekana ng RMC Graduate School at sa Division Office ng Davao. Kasunod nito, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga punong-guro at kalahok, at nagsagawa ng mga oryentasyon para sa iskedyul ng panayam. Ang mga kalahok

ay pumayag sa panayam sa pamamagitan ng informed consent, at ginamit ang mga sagisag na pangalan upang mapanatili ang pagkakakilanlan at pagiging kompidensyal.

Pagsusuri ng Datos

Isinagawa ang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri (thematic analysis), alinsunod sa mga hakbang nina Saldaña (2021) at Clarke at Braun (2023):

Transkripsyon ng datos

Pagbasa at pamilyarisasyon sa nilalaman, Pagko-code ng datos, Pagbuo ng mga kategorya at tema, Paglalarawan at interpretasyon ng tema, at Balidasyon ng resulta. Ang prosesong ito ay naglalayong ipakita ang mas malalim na kahulugan ng mga karanasan ng mga kalahok. Upang mapanatili ang katapatan at integridad ng datos, isinagawa ang member checking, audit trail, peer debriefing, at konsultasyon sa tagapayo.

Etikal na Pagsasaalang-alang

Sinunod ng pananaliksik ang mga pangunahing prinsipyo ng etikal na pananaliksik:

Boluntaryong paglahok at informed consent

Pagprotekta sa pagkakakilanlan ng kalahok (paggamit ng pseudonym), Pagiging kompidensyal at ligtas na pag-iimbak ng datos, at Pag-iwas sa emosyonal o sikolohikal na panganib. Ayon kina Resnik (2020) at Creswell at Poth (2021), isinagawa ang pag-aaral na may mataas na antas ng credibility, dependability, transferability, at confirmability upang matiyak ang kalidad at etikal na pamantayan sa bawat yugto ng pananaliksik.

III. Resulta at Talakayan

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga temang lumitaw mula sa masusing pagsusuri ng mga panayam sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa gitna ng konteksto ng pagpapalit-wika. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang tematikong analisis nina Braun at Clarke (2006), kung saan inilahad ang mga paulit-ulit na pananaw, karanasan, at pagninilay ng mga kalahok. Ang sumusunod ay ang limang pangunahing tema:

Pagpapalit-Wika bilang Pedagogikal na Diskarte

Lumitaw sa panayam na ang mga guro ay gumagamit ng code-switching o pagpapalit-wika bilang praktikal na hakbang upang mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Itinuturing nila ito hindi bilang hadlang, kundi bilang tulay tungo sa mas efektibong pagkatuto.

“Minsan talaga kailangan kong magsalita ng English lalo na kung nahihirapan silang intindihin ang mga malalalim na salitang Filipino.” – Kalahok 1

Ang pagpapalit-wika ay ginagamit lalo na sa pagpapaliwanag ng abstraktong konsepto sa panitikan, gramatika, at pagbasa. Ipinakikita nito na sa halip na ipilit ang purismo, mas pinahahalagahan ng mga guro ang pag-unawa at paglahok ng mga mag-aaral sa diskurso.

Pagtuturo sa Kabila ng mga Hamon

Kabilang sa mga pangunahing hamon ang kakulangan sa materyales, limitadong oras ng pagtuturo, at mababang interes ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ipinahayag din ng ilang kalahok ang presyur na magturo sa pamamaraang nakasentro sa Ingles, lalo na sa mga paaralang may English-speaking policy.

“Kapag tinanong ko sila sa Filipino, sumasagot sila minsan ng English. Parang nahihiya silang magsalita ng Filipino.” – Kalahok 6

Gayunman, ang mga guro ay patuloy na nag-aadjust at gumagawa ng alternatibong estratehiya upang mapanatiling makabuluhan ang pagkatuto. Kasama rito ang paggamit ng kontekstuwalisadong mga aralin, visual aids, at teknolohiya.

Pagninilay sa Sariling Paninindigan bilang Guro

Ibinahagi ng mga guro ang kanilang pagninilay sa papel nila bilang tagapagtanggol ng wikang pambansa. Bagama’t umaangkop sila sa multilingguwal na realidad, nananatili ang kanilang paninindigan sa kahalagahan ng Filipino bilang wikang panturo at pambansa.

“Kahit gumagamit kami minsan ng Ingles, sinisigurado ko na babalik kami sa Filipino. Hindi lang ito subject, ito ay pagkakakilanlan.” – Kalahok 3

Ipinapakita ng mga salaysay na ang pagpapalit-wika ay hindi nangangahulugang pagtalikod sa wikang Filipino kundi isang adaptibong hakbang upang mapanatili ang diwa ng makabayang edukasyon.

Pagbabahagi ng Praktis sa Kapwa Guro

Ayon sa mga kalahok, isa sa mga epektibong paraan upang mapalakas ang pagtuturo ng Filipino ay ang pagbabahagi ng mga estratehiya sa kapwa guro. Nabanggit nila ang kahalagahan ng mga LAC session (Learning Action Cell), mentorship, at kooperatibong pagbabahaginan ng materyales at ideya.

“Kapag may bago akong ginagawa at epektibo, sinasabi ko talaga sa mga kasama kong guro. Mas masarap magturo kapag may suporta.” – Kalahok 8

Ipinapakita nito ang kolaboratibong kultura sa mga paaralan, na mahalagang salik sa pagpapalakas ng pedagogiya ng Filipino.

Pagtuturo ng Filipino Bilang Panlipunang Adbokasiya

Bilang panghuli, lumitaw ang pananaw ng mga guro na ang kanilang ginagawa ay higit pa sa pagtuturo, ito ay isang adhikain upang panatilihin buhay ang wika at kultura ng bansa. Sa pamamagitan ng kanilang inisyatiba, pinangangalagaan nila ang identidad ng mga kabataan sa harap ng lumalawak na impluwensiya ng banyagang wika.

“Ang Filipino ay hindi lang subject. Dito nakasalalay ang diwa ng pagiging Pilipino.” –
Kalahok 2

Sa kabila ng pagpapalit-wika, isinusulong nila ang balanseng pananaw na nagbibigay-halaga sa multilingual competence habang pinapanday ang makabayang kaisipan ng mga mag-aaral.

Sintesis

Ang resulta ng pananaliksik ay nagpapakitang ang pagpapalit-wika ay may ambag hindi lamang sa pagpapadali ng pagkatuto kundi sa pagpapalawak ng espasyo ng wikang Filipino sa loob ng multilingguwal na klasrum. Ang mga guro ay hindi lamang tagapagturo, kundi tagapagtaguyod ng wika, kultura, at identidad. Sa gitna ng mga hamon, patuloy ang kanilang pag-aangkop, pagninilay, at pagpupunyagi para sa makabuluhang edukasyon sa wikang sarili.

IV. Mga Implikasyon at Mga Patutunguhan sa Hinaharap

Mga Implikasyon ng Pag-aaral

Ang mga natuklasan ng pananaliksik na ito ay naglalaman ng mahahalagang implikasyon para sa edukasyong pangwika, partikular sa pagtuturo ng Filipino sa multilingguwal na silid-aralan. Una, lumitaw na ang pagpapalit-wika ay hindi isang hadlang kundi isang pedagohikal na diskarte na ginagamit ng mga guro upang mas epektibong matugunan ang lingguwistikong pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Kaugnay nito, nararapat lamang na isama ang pagpapalit-wika bilang bahagi ng kurikulum, gabay sa pagtuturo, at learning competencies sa asignaturang Filipino.

Ikalawa, ipinakikita ng pag-aaral na ang pagninilay at propesyunal na pag-unlad ng guro ay mahalagang salik sa pagpapanatili ng kalidad ng edukasyon. Ang kakayahan ng mga guro na umangkop, magmuni-muni, at lumikha ng makabuluhang interbensiyon ay patunay ng kanilang papel bilang mga tagapagdisenyo ng makataong pedagogiya.

Ikatlo, binigyang-diin din ng mga kalahok ang kahalagahan ng kolaboratibong kultura sa loob ng mga paaralan ang pagbabahagi ng praktikal na kaalaman, estratehiya, at karanasan sa kapwa guro. Ipinapakita nito na ang paaralan ay dapat magsilbing komunidad ng patuluyang pagkatuto, kung saan pinapalaganap ang best practices sa pagtuturo ng Filipino sa makabagong panahon.

Ikaapat, binigyang-pansin ang kakulangan sa kontekstuwalisado at praktikal na pagsasanay para sa mga guro ng Filipino. Ipinapanukala ng pananaliksik ang muling pagsusuri sa disenyo ng mga programang pangkaunlaran ng guro upang higit na maging angkop ito sa multilingguwal na konteksto ng mga silid-aralan sa bansa.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay umaayon sa sosyolingguwistikong pananaw na ang wika ay hindi lamang daluyan ng impormasyon, kundi instrumento ng identidad at kapangyarihan sa loob ng silid-aralan. Ipinakita ng mga guro na ang pagpapalit-wika ay isang sinadyang hakbang upang matugunan ang reyalidad ng mga mag-aaral, at ito ay anyo ng resistensya laban sa monolingguwal na ideolohiya at puristikong pananaw sa wika.

Higit pa rito, ipinakita sa pananaliksik na ang mga guro ay nagsasagawa ng kritikal na pedagogiya sa pamamagitan ng pagbabahagi, pagninilay, at aktibong pagtugon sa mga hamon ng pagpapalit-wika. Sa ganitong pananaw, ang pagpapalit-wika ay naging simbolo ng makatao, makabayan, at inklusibong pagtuturo isang pagsasabuhay ng edukasyong mapagpalaya, gaya ng inilarawan nina Holmes (2021), Phillipson (2020), at Giroux (2022).

Mga Patutunguhan sa Hinaharap

Batay sa mga implikasyon ng pag-aaral, nararapat isulong ang mga sumusunod na direksyon:

Pagpapalawak ng programang pangkaunlaran para sa mga guro na nakaugat sa reyalidad ng multilingguwal na klasrum, kabilang ang pagsasanay sa paggamit ng pagpapalit-wika, integrasyon ng teknolohiya, at pagpapalalim sa kasanayan sa kritikal na pag-iisip.

Paglikha ng mga komunidad ng praktis at kolaborasyon sa bawat paaralan na nagsisilbing espasyo para sa patuluyang propesyunal na pagkatuto. Maaaring gampanan ng mga gurong may karanasan sa ganitong konteksto ang papel ng tagapagsanay o mentor sa kapwa guro.

Pagsasagawa ng karagdagang pananaliksik sa iba't ibang antas ng edukasyon mula elementarya hanggang tersyarya upang higit na maunawaan ang epekto ng pagpapalit-wika sa akademikong pagganap, motivation, at language proficiency ng mga mag-aaral. Mainam din ang paggamit ng mixed-methods approach para sa mas malalim at mas komprehensibong pagsusuri.

Pagsulong ng isang pedagohiyang kontekstuwalisado, makatao, at inklusibo isang transisyon mula sa puristikong pananaw sa wika patungo sa pedagohiyang tumutugon sa sosyo-kultural na konteksto ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang mga guro ng Filipino ay may mahalagang papel sa pagbubuo ng isang edukasyong lingguwistikong nagmumulat, nagmamalasakit, at lumalaban sa sistemang mapagkait sa wika. Sa tulong ng mga polisiya, programa, at pananaliksik na sumusuporta sa kanilang adhikain, maaaring maipagpatuloy ang isang edukasyong nakaugat sa wikang sarili na makabuluhan, makabansa, at makatao.

SANGGUNIAN

- [1] Alendajao, R., Lopez, M., Villanueva, T., Gonzales, A., & Batarilan, C. (2024). Filipino teachers' cultural and linguistic challenges in U.S. schools. *Journal of Global Education Studies*, 15(2), 102–118.
- [2] Alghamdi, A., Alzahrani, M., & Alshammari, F. (2023). The impact of linguistic shift on teacher identity during the pandemic in Saudi Arabia. *Language and Society*, 19(1), 34–47.
- [3] Aquino, J. M. (2021). Mga suliranin ng mga guro ng Filipino sa multilingguwal na silid-aralan. *Journal of Language Education and Pedagogy*, 3(1), 45–59.
- [4] Balam, O., & Carroll, K. (2024). Translanguaging as critical pedagogy: Empowering multilingual classrooms. *International Journal of Bilingual Education*, 18(3), 221–239.
- [5] Balingit, M. R. (2023). Mga inisyatiba ng mga guro sa Davao sa gitna ng pagpapalit-wika. *Rehiyonal na Ulat sa Edukasyong Filipino*, 6(1), 11–29.
- [6] Bravo-Sotelo, R. M. (2020). Intra-sentential code-switching in mathematics instruction. *Language in Instruction*, 7(2), 89–103.
- [7] Clarke, V., & Braun, V. (2023). *Thematic analysis: A practical guide* (2nd ed.). Sage Publications.
- [8] David, E. J. R. (2021). Pakikibaka ng guro ng Filipino sa dominasyon ng Ingles sa lungsod. *Edukasyong Wika at Kultura*, 9(1), 12–27.
- [9] De Vera, J. L. (2020). Pedagogikal na tagumpay at panlipunang layunin ng pagtuturo ng Filipino. *Pambansang Journal ng Pedagogiya*, 4(3), 33–47.
- [10] Derasin, M. (2024). Hamon ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa mga pribadong paaralan sa Maynila. *Journal of Filipino Education*, 11(1), 90–105.
- [11] Felonia, R. (2021). Mga hamon sa pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya. *Likhang Sining at Panitikan*, 10(2), 55–72.
- [12] Fernandez, R., & De los Reyes, K. (2023). Pagbabagong lingguwistiko at pagtuturo ng Filipino sa Davao City. *Davao Education Research Journal*, 5(1), 66–83.
- [13] García, O. (2021). Language shift and multilingual realities in education. *Multilingual Matters*.
- [14] Giroux, H. A. (2022). *Pedagogy of resistance: Educating for justice in a neoliberal age*. Routledge.
- [15] Holmes, J. (2021). *An introduction to sociolinguistics* (5th ed.). Routledge.
- [16] Ibikunle, B., William, O., & Kunle, M. (2025). Code-switching and literacy development in multilingual classrooms. *African Journal of Language Education*, 12(1), 30–44.
- [17] Kumari, M. (2024). Emotional security and language switching in second language acquisition. *South Asian Journal of Language and Learning*, 8(1), 19–36.
- [18] Lariosa, J., & Quezada, A. (2023). Inklusibong estratehiya sa ilalim ng IPed program. *Katutubong Edukasyon Journal*, 2(1), 14–30.
- [19] Leaño, D., Protacio, M. S., & Javier, L. M. (2023). Literacy challenges in IP communities. *Literacy and Learning*, 6(2), 101–117.

- [20] Mangana, L. (2020). Pedagogical code-switching in English instruction. *The Language Educator*, 11(3), 78–91.
- [21] Maranan, C., Batalla, F., & Santos, R. (2025). Situational switching and student inclusion in multilingual classrooms. *Philippine Journal of Educational Psychology*, 9(1), 44–59.
- [22] Mendoza, G. R. (2021). Pedagogikal na hamon sa pagtuturo ng Filipino sa mataas na paaralan. *Edukasyong Makabayan*, 5(1), 39–51.
- [23] Nimer, E., & Napil, J. (2024). Integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagbasa sa New Normal. *Pambansang Ulat sa Filipino*, 3(2), 18–32.
- [24] Phillipson, R. (2020). *Linguistic imperialism revisited* (2nd ed.). Oxford University Press.
- [25] Reyes, A. P. (2022). Personal at propesyunal na karanasan ng guro sa pagtuturo ng wika. *Tinig ng Guro*, 2(1), 61–78.
- [26] Saldaña, J. (2021). *The coding manual for qualitative researchers* (4th ed.). Sage Publications.
- [27] Santiago, A. (2020). Ang pagtuturo ng Filipino bilang paghubog ng identidad. *Wika at Kultura*, 12(1), 1–17.
- [28] Santos, L. V., & Del Rosario, T. (2023). Pagtuturo ng Filipino sa mga pribadong paaralan: Isang pagsusuri. *Saliksik-Wika*, 4(1), 23–38.
- [29] Tjijombo, P., Fredericks, C., & Hautema, S. (2025). Language shift and cultural identity in Namibia's education system. *Journal of African Linguistics*, 14(1), 70–85.
- [30] Valerio, M., & Sison, C. (2022). Modality challenges in teaching Filipino during the pandemic. *Journal of Flexible Education*, 6(2), 88–103.
- [31] Yaccob, M., & Raj, L. (2023). Mother tongue participation and student confidence in Southeast Asia. *Asian Journal of Education and Communication*, 5(3), 112–126.